

# Filipino sa Global at Lokal na mga Larang

CARLOS PIOCOS III, PH.D.

**K**umakaharap ang mga mananaliksik ng Filipino sa iba't ibang larang sa malalaking hamon. Bitbit ng malawakan at mabilis na pagbabago dala ng globalisasyon ang hindi pantay na relasyong pangkapangyarihan sa pagtingin at pagtanggap sa uri at produkto ng iskolarsyip na naisusulat sa ating wika at tumutugon sa mga partikular na penomenon na nababatay sa ating realidad, sa global na industriya ng paglikha ng kaalaman. Sa kabila nito, patuloy ang sigasig ng mga iskolar ng Filipino sa pagtataguyod ng pag-aaral, pagtuturo, at diseminasyon ng mga bagong kaalaman sa ating wika at kultura. Ito ang pinatutunayan ng anim na mga artikulong nabibilang sa isyung ito ng *Daluyan*.

Sa “**Wika at Neoliberal na Edukasyon sa Pilipinas**,” binaybay ni **Zarina Joy T. Santos** ang politika ng patakarang pangwikang sumususog sa sektor ng edukasyon sa konteksto ng globalisasyon at neoliberalismo. Mahalaga ang artikulong ito sapagkat binibigyang batayan ng pag-aaral ang malalim na estruktura ng in hustisya at di-pantay na relasyong pangkapangyarihan na bumubuo sa polisiya ng wika sa pagtuturo at ikinokonekta sa malawakang pagbabagong pampolitika at pang-ekonomiya dala ng globalisasyon sa ating mga paaralan.

Habang binabalangkas ng artikulo ni Santos ang panganib ng neoliberalismo sa Filipino, binabanyuhay naman ng artikulo nina **Wang Yu** at **Ronel O. Laranjo** ang posibilidad ng pag-aaral at pananaliksik sa Filipino sa labas ng bansa. Sa kanilang artikulong “**Ang Pagtatag at Pag-unlad ng Programang Filipino at Pananaliksik tungkol sa Pilipinas sa mga Unibersidad sa Tsina**,” tinatalunton ng mga may-akda ang kasaysayan ng pagbubuo at pagyabong ng mga akademikong programa sa Filipino at pananaliksik sa Pilipinas sa mga pamantasan sa Tsina upang maipakita na may malalim na interes sa ating kultura ang mga banyaga at maging ang posibilidad ng Filipino bilang isang transnasyonal na wika. Magandang tingnan mula sa dalawang artikulong ito ang diyalektiko at kontradiksiyon ng pagsipat sa epekto ng globalisasyon sa wikang Filipino.

Mula sa malawak na usaping sakop ng dalawang naunang artikulo, pumapaloob naman sa espesipiko at partikular ang artikulo ni **Ariel U. Bosque**, sa pagsusuri ng binubuon ng kurikulum sa midya at information literacy gamit ang wikang Filipino. Sa kaniyang artikulong “**Wika at/sa/ng Media and Information Literacy: Tuon sa Pagbuo ng Mungkahing Kursong Elektib**,” sinuri ni Bosque ang mayamang posibilidad ng interseksiyon ng larang ng wikang Filipino at Media and Information Literacy sa pamamagitan ng pagbubuo ng kursong elektib na layong magsulong sa parehong disiplina. Sa pamamagitan ng isang sipat na interdisiplinaryo, makikita ang direksiyong maaari pang tahakin ng Filipino sa iba pang larangan at kasanayan.

Kung nakikitaan ng radikal na posibilidad sa paghuhugpong ng mga larang sa artikulo ni Bosque, pinag-aralan naman ni **Jonevee B. Amparo** ang tensiyon ng Filipino at iba pang pambansang wika

sa usapin ng pagsusulong ng Mother Tongue-Based Multilingual Education. Sa “**Pagsasapanganib ng Wika at Rebaytalisasyon ng Wika sa Polisiyang Pangwika na Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) sa Iloilo: Pagtingin sa Maykrolebel na Pangangasiwang Pangwika,**” sinuri ni Amparo ang talaban ng Filipino at Hiligaynon sa ekolohiyang pangwika sa sipat ng parehong puwersa ng pagsasapanganib at rebaytalisasyon na idinudulot ng pangangasiwang pangwika ng MTB-MLE. Binaybay rin ng artikulo ang iba’t ibang salik at epekto ng ganitong polisiyang pangwika sa sektor ng edukasyon sa Iloilo.

Ang huling tatlong artikulo sa isyu na ito ay pagsasapraktika ng mga radikal na posibilidad ng iskolarsyip sa Filipino mula sa inter at multidisiplinaryong mga lapit. Sa artikulong “**Ang Pagsusunong sa Pupuwa ng mga Kababaihang Gaseña,**” pinag-aralan ni **Emmanuel Jayson V. Bolata** ang isang mahalagang tradisyong pamamanata sa Marinduque tuwing Semana Santa. Gamit ang etnograpiya sa panayam sa mga deboto at pananaliksik sa artsibo, sinuri ng pag-aaral ang mayamang talaban ng kasaysayang pampook at pamanang kultural mula sa interseksiyon ng institusyong panrelihiyon at ang lokal at sariling praksis at paglikha ng sariling kahulugan ng mga namamanata mula sa pagtataguyod ng ritwal.

Ang huling dalawang artikulo naman ay mga pag-aaral at pagsasanay sa pagsasalin. Ang una ay isang preliminaryong pagsubok sa pagsasalin sa unang kabanata ng impluwensiyal na batayang aklat ng sosyolohiya, ang *The Sociological Imagination*, ni Charles Wright Mills. Sa artikulong “**Ang Pangako ng Sosyolohikal na Imahinasyon: Salin ng Unang Bahagi ng The Sociological Imagination ni C. Wright Mills,**” naglatag ng kritikal na introduksiyon si **Noreen H. Sapalo** tungkol sa tanyag na Amerikanong sosyologo at binabaybay ang halaga ng akdang ito sa paghuhubog ng mga iskolar sa buong mundo, lalo na sa mga sociologist sa Pilipinas. Kasama rito ay ang pagbabalangkas ng ilang suliranin sa pagsasalin ng unang kabanata ng aklat, ang “The Promise.”

Ang sumunod naman at huling artikulo para sa isyung ito ay pagsasalin ng sugilanon o maikling kuwento ni Vicente Rama at pagninilay sa interseksiyon ng kolonyal na kasaysayan at tunggalian ng naratibo ng epidemya. Sa artikulong “**Artemio Aranas: Panukalang Salin sa Filipino ng Isang Sugilanon ni Vicente Rama at ang English Translation dito ni Rudy Villanueva,**” pinag-aralan ni **Jeffrey A. Asuncion** ang komplikadong kontekstong historikal ng epidemya ng kolera sa Cebu sa panahon ng kolonyal na pamamahala ng Estados Unidos sa bansa noong ika-20 siglo, at ang iba’t ibang diskurso ukol sa sakit na siyang nagpayaman sa sugilanon ni Vicente Rama. Sa mismong salin ni Asuncion ng “Artemio Aranas” mula sa Sugbuanong Binisaya patungong Filipino, tinalakay rin niya ang ilang mga hamon, siwang at suliranin sa pagsasalin mula sa komparatibong lente ng naunang pagsasalin ng kuwento sa Ingles. Mahalagang ambag ang dalawang artikulong ito sa kritikal na interbensiyon ng Filipino at ng larang ng pagsasalin sa disiplina ng agham panlipunan, lalo na sa sosyolohiya at kasaysayan.

Ito ang mga bagong artikulo ng Daluyan na gumagalugad sa mga panibagong usapin at hamon ng iskolarsyip ng Filipino sa iba’t ibang larangan at sa global at lokal na konteksto. Katulad ng mga nakaraang mga tomo at isyu ng journal, inaasahan ng buong patnugutan ang patuloy na pagsusulong ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino mula sa lumalagong batis ng mga pananaliksik sa Filipino. Nawa’y patuloy na yumabong ang mga bagong diskurso sa wika at kultura at magpanday ng mga panibagong landas at direksiyon sa pananaliksik ang pagpapatuloy ng pag-aakda ng bayan mula sa paglalathala ng mga inobatibong kaalaman ukol as Filipino sa iba’t ibang larang.